# Pagsasanay sa Filipino

Pangalan ______________________________ Petsa _____________ Marka _______

## Pagtukoy ng Aspekto ng Pandiwa

Kakayahan: Naitutukoy ang aspekto ng pandiwa

Tukuyin ang aspekto ng pandiwang may salungguhit gamit ang mga titik: **PN** (aspektong pangnagdaan), **PK** (aspektong pangkasalukuyan), **PH** (aspektong panghinaharap), **KT** (aspektong katatapos), o **PW** (aspektong neutral o pawatas).

______ 1. Pasasalamatan ko ang mga taong tumulong sa akin upang makamit ko ang aking pangarap.

______ 2. Hindi mabuti ang magtanim ng galit.

______ 3. Sumayaw sa entablado ang magkakapatid.

______ 4. Kagagaling ko lang sa opisina kaya nagpapahinga ako.

______ 5. Nais nilang turuan ang mga bata ng mabubuting asal.

______ 6. Binubuhat ni Mang Tonio ang mabigat na sako ng bigas.

______ 7. Halina sa kusina dahil kaluluto lang ni Inay ng meryenda.

______ 8. Ang sanggol ay binabantayan ni Ate Carla sa sala.

______ 9. Ang lalaki ay sumaklolo sa matandang babae na nahimatay.

______ 10. Patutunayan ko na kaya kong pangasiwaan ang proyektong ito.

______ 11. Kagigising lang ni Tatay kaya magtitimpla na ako ng kape para sa kanya.

______ 12. Sino ang mag-aalaga sa mga bata habang nagtatrabaho ka sa Dubai?

______ 13. Gusto niyang ipagmalaki ang sining ng kanyang lahi.

______ 14. Ang mga programa ng DOH ay itinataguyod ng mga lokal na pamahalaan.

______ 15. Si Jasmin ay nagtagumpay sa paligsahan sa pagsusulat ng tula.

© 2014 Pia Noche 

# Pagsasanay sa Filipino

Pangalan ______________________________ Petsa _____________ Marka _______

## Pagtukoy ng Aspekto ng Pandiwa (Mga Sagot)

Kakayahan: Naitutukoy ang aspekto ng pandiwa

Tukuyin ang aspekto ng pandiwang may salungguhit gamit ang mga titik: **PN** (aspektong pangnagdaan), **PK** (aspektong pangkasalukuyan), **PH** (aspektong panghinaharap), **KT** (aspektong katatapos), o **PW** (aspektong neutral o pawatas).

__PH__ 1. Pasasalamatan ko ang mga taong tumulong sa akin upang makamit ko ang aking pangarap.

__PW__ 2. Hindi mabuti ang magtanim ng galit.

__PN__ 3. Sumayaw sa entablado ang magkakapatid.

__KT__ 4. Kagagaling ko lang sa opisina kaya nagpapahinga ako.

__PW__ 5. Nais nilang turuan ang mga bata ng mabubuting asal.

__PK__ 6. Binubuhat ni Mang Tonio ang mabigat na sako ng bigas.

__KT__ 7. Halina sa kusina dahil kaluluto lang ni Inay ng meryenda.

__PK__ 8. Ang sanggol ay binabantayan ni Ate Carla sa sala.

__PN__ 9. Ang lalaki ay sumaklolo sa matandang babae na nahimatay.

__PH__ 10. Patutunayan ko na kaya kong pangasiwaan ang proyektong ito.

__KT__ 11. Kagigising lang ni Tatay kaya magtitimpla na ako ng kape para sa kanya.

__PH__ 12. Sino ang mag-aalaga sa mga bata habang nagtatrabaho ka sa Dubai?

__PW__ 13. Gusto niyang ipagmalaki ang sining ng kanyang lahi.

__PK__ 14. Ang mga programa ng DOH ay itinataguyod ng mga lokal na pamahalaan.

__PN__ 15. Si Jasmin ay nagtagumpay sa paligsahan sa pagsusulat ng tula.

© 2014 Pia Noche